# Chapter One

Matagal-tagal na rin silang sakay ng service van na pag-aari ng barangay na pinanggalingan nila sa isang liblib na bayan sa Batangas, pero hindi pa rin humihinto sa paghikbi si Belinda. Alam ni Rio kung ano ang dahilan; nanghihinayang ito sa tanging ari-arian na mayroon sila, na ibinenta niya sa napakababang halaga.

"Sana hindi ko na lang ipinalagay sa pangalan mo ang bahay at lupang iyon. Kung nasa pangalan ko 'yon hindi ko 'yon hahayaang mawala kahit ano pa ang mangyari," sabi nito.

"'Ma, ginawa ko po 'yon kasi kailangan." Ilang ulit na rin niya iyong ipinaliwanag sa kanyang ina. "Gagamitin po natin 'yung pera sa pagpapagamot ninyo. Hindi ba kayo natutuwa, gagaling na kayo?"

"Anak, alam nating pareho na hindi na ako gagaling." Naubo ito matapos sabihin iyon.

Liver cirrhosis ang sakit nito, ayon sa prognosis ng doctor sa provincial hospital na una niyang pinagdalhan dito. Belinda was diagnosed with such disease a month ago at dahil nasa end stage na nang madiskubre ay tinaningan ito ng anim na buwan hanggang isang taon.

Hindi nila alam kung saan nanggaling ang sakit na iyon. Walang bisyo si Belinda at maingat sa sarili. Wala rin itong maalalang may nagkasakit ng ganoon sa pamilya nito. At dahil walang makuhang explanation sa origin ng sakit na dumapo sa ina ay nagpasya si Rio na huwag itong isuko nang basta ganoon na lang sa kamatayan.

"Huwag n'yo pong sabihin 'yan." Dinukwang niya sa katabing bag ang isang envelope. "Tingnan n'yo 'to. Referral ito sa *Philippine General Hospital* sa Manila. Ilang oras lang nandoon na tayo. Magagamot na kayo ng mga espesyalista doon."

"Pero wala pa ring katiyakan na mapapagaling nila ako. Mawawala pa rin ako at wala man lang maiiwan sa iyo." Tuluyan nang napaiyak ang nakatatandang babae, dahilan para muli itong mapaubo at mahirapan sa paghinga. Bukod sa sakit na dumapo rito ay dati na rin itong may asthma.

Hinagilap ni Rio ang inhaler sa bag na

kinalalagyan ng mga gamit ni Belinda. Noon biglang huminto ang van na sinasakyan nila. Pumugak ang makina niyon nang subukang muling paandarin ng nagmamaneho.

"Kuya, ano'ng nangyari?" tanong ng dalaga.

"Tumirik tayo," sagot ng driver saka sinubukang buhayin muli ang makina ng sasakyan. Pero hindi pa rin iyon umandar.

"Paano na po?"

"Huwag kang mag-alala't aayusin namin ni Roel kung anuman ang naging problema." Sinenyasan nito ang tinukoy na si Roel na katabi sa front seat.

"Matatagalan po kaya?" mas nag-aalala nang tanong ni Rio. Hindi pa rin kasi niya makita ang inhaler. Siguro ay naiwan iyon sa bahay na pinanggalingan nila. Lumalala pa naman ang paghahabol ni Belinda ng hininga at alam niyang hindi na iyon simpleng paninikip lang ng dibdib. Mauuwi na iyon sa isang asthma attack.

Samantala, nang oras ding iyon ay hindi inaalis ni Stan ang tingin sa kalsadang binabaybay ng sinasakyan niyang kotse. Mahigpit ang grip niya sa steering wheel na animo ay inihahanda niya ang kanyang sarili. Luxury car kasi ang dala niya at nasa ilang na lugar siya. Halatang madalang ang sasakyan

na dumadaan doon at kung may matiyempuhan siyang masasamang-loob ay malaya ang mga iyon na magagawa sa kanya ang anuman.

*Sa ganitong klaseng lugar lumaki ang apo ni Ramona Cordova?* naisip niya. Sa ilang oras na rin niyang pagda-drive ay may mga nadaanan siyang kabayanan, pero ngayon ay liblib ang lugar na kinaroroonan niya. Naisip niyang siguro ay masahol pa roon ang mismong pupuntahan niya dahil alam niyang malayu-layo pa siya roon.

He took a glance at the upholstered seat beside him pagkatapos ay inabot ang cellphone na namataan niya roon. Ilang tap lang sa screen niyon at lumabas na ang gusto niyang makita; ang impormasyon na naka-save sa drafts. Kakaunti iyon pero sapat na para mailigtas siya at ang kanyang kinabukasan. Masuwerte siya dahil mas matalas ang isip niya kaysa mga private detective na inuupahan ni Doña Ramona Cordova. At kinasihan pa siya ng tadhana dahil nagkataong kaibigan niya si Keith Acevedo.

*Belinda Pineda, here I come,* aniya pa sa sarili.

Mayamaya ay inalis niya ang tingin sa screen ng cellphone para ibalik sa dinadaanang rough road. Doon lang niya napansin na hindi na siya nag-iisa sa kalye. Ilang dipa lamang ang layo niya sa isang *L-300* van na nakahinto naman, pero sa bandang

gitna at dahil hindi niya agad napansin ay kaunti na lang at masasalpok na niya.

Kinabig niya ang manibela, kaso ay sumunod ang lalaking nakatayo sa tabi ng sasakyang nakaparada na tila sinadya talaga niyon na humarang sa daraanan niya.

"Shit!" bulalas niya, sabay tapak sa preno. Kumaskas ang gulong ng kotse niya sa mabatong kalsada at halos bumangga ang dibdib niya sa manibela sa biglang paghinto niyon. Mabilis na umakyat ang dugo sa kanyang ulo at agad na naisip na sana ay sinagasaan na lang niya ang taong iyon. After all, siya si Stanley Cordova at kayang-kaya niyang tapatan ng halaga ang buhay niyon.

"Boss, pasensya na," sabi ng lalaki nang lumabas ng kotse si Stan na halos umusok ang ilong sa galit.

"Kung gusto mong magpakamatay, maghintay ka ng ibang sasakyan, okay? Masyadong mahal ang kotse ko para magasgasan lang ng katawan mo," sarkastikong sabi niya. Wala siyang pakialam kung may-edad na ang kaharap niya. Kailan ba siya huling nagpakita ng respeto sa mga nakakatanda? Hindi na yata niya maalala.

"Boss, hindi naman ako magpapakamatay. Gusto lang talaga kitang mapahinto." Lumingon ang lalaki sa nakaparadang sasakyan na ngayon lang napansin ni Stan na nakataas ang hood. "Nasiraan

kasi kami, kailangan namin ng tulong."

Dumiin ang pagkakakunot ng noo niya. Iyong gandang lalaki niya, iyong kisig ng mga suot niya at gara ng kotse niya, mekaniko ba ang tingin nito sa kanya?

"Tow truck ang tawagin n'yo. O kaya naman, bumili kayo ng posporo at sindihan n'yo 'yang sasakyan n'yo." Pagkasabi niyon ay tumalikod siya para bumalik sa kanyang kotse.

"May sakay kaming pasyente na ihahatid namin sa Manila..." Napigil siya ng pahabol na iyon ng lalaki. "Kaya lang nasiraan nga kami. Nagkataong sinumpong 'yung pasyenteng sakay namin. Boss, baka puwede n'yo naman kaming tulungan na madala siya sa pinakamalapit na hospital."

Napahagod sa noo si Stan kasabay ng pagbuga ng disgusted na pagtawa. Ngayon naman ay mukhang medic ang tingin sa kanya ng lalaki. At ang kanyang mamahaling kotse, isang ambulansya. Umiling-iling siya saka itinuloy ang pagbalik sa driver's seat ng kanyang sasakyan. Pero nang akma niyang isasara ang pinto niyon ay isang kamay ang pumigil doon, dahilan para lalo pa siyang mainis.

"Ano ba? Hindi n'yo ba ako narinig? I don't care about your problem, okay?"

Nang mula sa likuran ng pinto ng kotse ay sumungaw ang mukha ng isang babae.

"Sir…"

Natigilan si Stan. Malapit lang ang mukhang iyon sa kanya kaya agad niyang napansin ang pamumula ng mga mata ng nagmamay-ari niyon.

"Parang awa n'yo na, Sir, tulungan n'yo po kami…"

Napakurap siya nang kasabay ng pakiusap na iyon ay bumutil ang luha sa sulok ng mga mata ng babae at umagos iyon sa makinis at mamula-mula nitong pisngi. Mabilis nito iyong pinahid ng mga daliri, pero nanatiling lukot ang mukha nito sa pagpipigil ng iyak. Sa kabila niyon ay hindi maikakaila na maganda ito, maganda ang hubog ng ilong at heart-shaped ang mga labi. Sa pagkakatingin dito ay hindi naignora ni Stan ang kung anong humaplos sa kanyang dibdib.

Matagal na nang huli siyang makaramdaman ng ganoon. More than twenty years na at iyon ay nang lapitan siya at ipagtanggol ni Analiza Cordova sa mga street children na nangbu-bully noon sa kanya.

"Ano ba'ng… problema n'yo?" tila wala sa loob na tanong niya.

"Sinumpong ng asthma 'yung mama ko. Kailangan siyang madala sa hospital. Madalang ang dumadaang sasakyan dito, ikaw pa nga lang ang nakikita namin. Please, Sir, magbabayad po ako ng kahit magkano… o kahit na ano, tulungan n'yo lang

po ako na madala ang mama ko sa hospital."

Magkasalikop ang mga palad ng babae habang nagsusumamo sa kanya na para bang isa siyang diyos na tanging makakapagligtas sa sinasabi nitong ina nang mga oras na iyon.

Muli siyang umibis ng kotse. "Nasaan ba'ng… mama mo?"

"Nandito po." Binuksan ng babae ang back door ng van at tumambad sa paningin ni Stan ang payat at may-edad nang babaeng naghahabol ng paghinga. "'Ma, huwag na po kayong mag-alala, may tutulong na sa atin. Dadalhin ka namin sa hospital." Habang sinasabi iyon ay nakatutok ang paningin ng mas batang babae sa kanya at sa mga mata nito ay parang nabasa niya ang pagtitiwalang hindi niya ito bibiguin.

"Ah, k-kailangang mailipat siya sa kotse ko," bigla na lang niyang nasabi.

"Bubuhatin ko siya," anang lalaking unang nakipag-usap sa kanya. "Rio, mauna ka na sa loob ng kotse," utos nito sa dalaga.

*Dalaga.* Hindi pa man kilala ni Stan ang mas batang babae ay iyon na ang iniisip niya. O, sa mas tamang salita ay iyon ang inaasam niya.

*Rio ang pangalan niya,* sa loob-loob niya habang pinanonood ang pagsukbit nito sa balikat ng may kalakihang bag. Kusa niyang binuksan ang pinto sa

likuran ng kanyang kotse para makapasok ito roon. Nabahiran ng mabangong samyo ang hangin nang dumaan ito sa tapat niya at hindi niya naiwasan ang saglit na mapapikit.

Nang maipuwesto ang pasyente nang komportable sa backseat ay bumalik na si Stan sa unahan. Narinig pa niya na nagbilin ang lalaking bumuhat sa may-sakit.

"Tawagan mo 'ko para malaman namin kung saan kami susunod, ha. Huwag kang mag-alala, sisikapin namin na maayos agad itong sasakyan."

"Sige po," anang dalaga bago siya binalingan. "Sir, sa pinakamalapit na hospital po tayo."

Mabilis man ang pagpapatakbo ni Stan sa kanyang sasakyan ay nakukuha pa rin niya ang sumulyap sa rearview mirror. Hindi iyon dahil nag-aalala siya sa pasyenteng sakay niya na lumalala ang paghahabol ng hininga, kundi dahil hindi niya mapigilan ang sarili na tapunan ng tingin ang dalagang nasa likuran. She definitely looked familiar to him as if nakilala na niya ito dati pa.

*Rio... Rio...* naisip niya sa pagbabakasakaling may maalalang kakilala na ganoon ang pangalan. Pero kung pamilyar sa kanya ang hitsura ng babae ay malabo naman sa hinagap niya ang pangalan nito.

Hanggang sa hindi na siya nakatiis. "Have we met before?" tanong niya rito.

Nagtaas ito ng tingin at nagtagpo ang mga mata nila sa salamin. "Po?"

"S'abi ko, nagkita na ba tayo dati?" he specified. Pero sa halip na sumagot ay biglang bumulalas ang babae.

"Hayun! Hospital 'yun, di ba?"

Napatingin din si Stan sa itinuturo nito sa unahan. Isa iyong malaking signage na kinasusulatan ng *Emergency.*

"Diyan na lang po tayo, Sir."

Shrugging his shoulders, Stan geared his car to the hospital's driveway. At dahil hindi mabitiwan ni Rio ang ina nito ay siya na rin ang bumaba at tumawag sa mga hospital attendants para maibaba ang pasyente.

Sukbit pa rin ang malaking bag, mabilis na sumunod si Rio sa stretcher na pinagsakyan sa ina. Sa sobrang pag-aalala marahil ay tila nakalimutan nito na magpasalamat sa kanya. Sumunod siya pero napahinto sa entrance ng emergency room nang parang may kung sinong bumulong sa kanya.

*Hey, stupid! What do you think you're doing? Gusto mo bang maunahan ni Ramona Cordova at mawala sa iyo ang lahat?*

Napatiim-bagang si Stan. Bakit nga ba nag-

aksaya siya ng oras sa mga taong hindi naman niya kilala? Ano ba ang mayroon ang babaeng iyon at tila na-hypnotize siya? Mabuti na lang at mayroon siyang 'guardian demon' na agad gumising sa kanya sa tila sandaling pagkakaidlip.

Inis na bumalik siya sa kanyang kotse at agad na isinuksok ang car key sa ignition. Pero napansin niya na tabingi ang rearview mirror kaya inayos muna niya iyon. Doon niya nasipat ang isang mumurahing cellphone at brown envelope sa backseat.

Obvious na pag-aari ang mga iyon ng mga naging pasahero niya. Wala na siyang pakialam, sabi niya. Masyado na siyang naabala at ayaw na niyang mas maabala pa. Pero ano ang gagawin niya sa mga iyon? At paano kung importante pala iyon sa *dalaga* na ang pangalan ay Rio?

Muli ay natagpuan ni Stan ang sarili na bumababa ng kotse. Naglalakad siya pabalik sa entrance ng emergency room nang tumunog ang cellphone niyang nasa bulsa ng kanyang coat.

"Dude, where are you? Nag-text sa akin si Honorio, hindi pa raw kayo nagkikita," sabi ng nasa kabilang linya nang tanggapin niya ang tawag. Ang kaibigan niyang si Keith iyon.

"Hindi pa nga. Something came up and..." Nagmenor siya nang matanaw si Rio sa loob ng emergency room. Hindi niya maipaliwanag kung

bakit nakuha pa niyang pagtuunan ng pansin na hindi lang pala mukha nito ang maganda kundi pati ang katawan.

"What happened?" tanong ng kausap niya.

Slim ang katawan ng babae, kapansin-pansin sa suot na skinny jeans ang pagiging long-legged. Maliit ang baywang nito at mataas ang dibdib na evident pa rin kahit medyo loose ang printed blouse na suot nito. Maayos ang pagkakahulma ng mga balikat nito at eksakto ang haba ng leeg. Walang dudang runaway winner ito sakaling maisipan na sumali sa anumang beauty pageant.

Malapit na siya sa kinatatayuan ng babae nang lapitan ito ng isang nurse.

"Miss, ikaw ba'ng kamag-anak ng pasyente?"

"Opo. Anak po niya ako," mabilis nitong sagot.

"Pangalan po?"

"Ako? Ah, Rio. Rio Pineda."

"Hindi po, 'yun pong pasyente."

"Ah, p-pasensya na. Belinda po ang pangalan ng mama ko. Belinda Pineda."

Napahinto ang palapit na lalaki saka dahan-dahang naibaba ang hawak na cellphone. Hindi niya alam kung tama ba ang kanyang narinig, pero parang echo iyong paulit-ulit na gumuhit sa loob ng kanyang utak…

# Chapter Two

Halos malukot ang envelope sa sobrang higpit ng pagkakahawak doon ni Stan. Nagulat talaga siya sa narinig na pangalang binanggit ni Rio kaya minabuti niyang bumalik muna sa labas ng hospital.

*Belinda Pineda…* usal niyang nakalingon sa entrance ng emergency room. Panay ang iling niya. Mahirap sa kanya ang isipin na ang taong pakay niya sa biyahe niyang iyon sa labas ng Manila ay siya mismong dinala niya sa hospital na iyon. Maliban na lang kung masyado talaga siyang malakas kay Lord at ayaw na siya Nitong mahirapan pa.

*Paano mo ba akong tatalunin sa laban natin kung ganito, Ramona Cordova?* he said to himself as the corners of his lips turned upward.

Magmula nang malaman niya na pinasimulang muli ni Doña Ramona ang pagpapahanap sa natitira nitong immediate family ay kinompetensya na niya ito. Bakit hindi niya iyon gagawin gayung ganoon din naman ang ginagawa nito sa kanya—kinokompetensya siya—magmula nang araw na nilapitan siya ng anak nitong si Analiza sa isang madilim na sulok ng Manila habang inaapi siya ng mga batang kalye.

Tumutol ito nang kupkupin siya noon ni Analiza, lalo na nang magdesisyon ang huli na ampunin siya nang legal. Ipinakita ng doña na hindi nito tanggap na maging bahagi ng pamilya nito ang isang takas sa bahay-ampunan na gaya niya. Wala nga lang itong magawa kundi hayaan ang anak sa pag-aalalang baka magkasakit na naman si Analiza.

Sa pagtatagni-tagni niya sa mga naobserbahang pangyayari habang lumalaki siya, at sa mangilan-ngilang naikuwento rin ni Analiza ay nalaman niyang minsan ay itinakwil ito ni Doña Ramona. Iyon ay nang makipagrelasyon ito at sumama sa lalaking hindi nila kapantay ng estado.

Naging maayos naman sana ang unang ilang buwan ng buhay ni Analiza na malayo sa ina, pero nang kabuwanan na nito sa ipinagbubuntis ay naaksidente ito at ang lalaking sinamahan. Nakaligtas ito kahit napaanak nang wala sa oras,

pero namatay ang lalaki. Labis nito iyong ikina-depress at dahil nag-iisa ay hindi nito nagawang ingatan ang sarili.

Natagpuan ni Doña Ramona ang anak na tila wala sa katinuan sa isang community hospital sa Laguna. Kinuha ito roon ng matanda para ipagamot sa mga espesyalista sa Manila. Ilang buwan din ang dumaan bago ito naka-recover sa pinagdaanang nervous breakdown, at nang umayos ang takbo ng pag-iisip ay agad nitong hinanap ang anak na hindi nito maipaliwanag kung saan napunta. Pero hindi nito iyon nakita at sa halip ay siya ang natagpuan nito.

Para ibsan marahil ang pangungulila ay ibinaling ni Analiza sa kanya ang pag-aalaga at pagmamahal na hindi nito maibigay sa anak. Ibinuhos nito sa kanya ang lahat, kaya ang bata na dating inaapi-api sa bahay-ampunan at sa kalye ay namuhay na tila isang prinsipe.

"Bro, ano ba'ng nangyari? Bakit pinatayan mo 'ko ng cellphone?" sita ni Keith nang muling tumawag.

"I just heard something really shocking," sagot ni Stan. "Alam mo bang may inihatid akong pasyente sa hospital?"

"What?" Hindi na siya nagtaka kung bakit nagulat ito sa sinabi niya. Si Keith ang nag-iisang

kaibigan niya and they had been friends since college kaya kilalang kilala siya nito. BSBA ang course niya noon habang nagdodoktor naman ito. "Sinong pasyente?"

"Nakasalubong ko sa kalye. Pinakiusapan ako n'ung kasama na ihatid sila sa hospital."

"At ginawa mo?"

"Yes."

"Come on!" sarkastikong bulalas nito na may kasabay pang pagtawa. "Alam mo ba kung ano'ng tawag sa ginawa mo, pare? Pagtulong. At hindi ang tipo ni Stanley Cordova ang tumutulong sa taong nakasalubong lang sa kalye."

"Oh, really?" Kunwari ay napikon siya sa sinabi nito. "Have you forgotten how you've become what you are right now?"

Sandaling tumahimik si Keith. Gaya ni Stan ay wala na rin itong mga magulang at umasa lang sa pagiging working student noon. Sa maraming pagkakataon ay nagmistula siyang benefactor nito. Lagi kasi itong kapos at kung hindi siguro dahil sa mga perang tila wala lang kung ibato niya rito ay malamang na hindi ito nakatapos. Malaki ang tinatanaw nitong utang na loob sa kanya kaya kahit ngayong may kapit na ito sa pinagtatrabahuhang hospital ay hindi ito makahindi kapag may pabor siyang hiningi.

Gaya na lang nang utusan niya ito na alamin kung sino ang taong nagdala kay Analiza sa isang community hospital sa Laguna kung saan natagpuan ni Doña Ramona ang babae twenty-one years ago. Hindi niya alam kung paanong hindi naiisip ng mga private detective na inuupahan ng matanda para hanapin ang matagal nang nawawalang apo ang ganoong strategy; ang umpisahan ang paghahanap sa taong nag-confine kay Analiza sa hospital na iyon. Siguradong naka-record doon kung sino ang taong iyon at kung sinuman iyon ay posibleng may alam ito tungkol sa batang ipinanganak noon ni Analiza.

"Ang sa akin lang, pare, hindi ikaw ang tipo ng tao na mag-aaksaya ng panahon lalo na't kailangan mong magmadali," sabi muli ni Keith. "Look, hindi bobo ang mga tao ni Doña Ramona. Sooner or later, maiisip din nila ang gaya ng naisip mo. Dude, I broke a lot of protocol para lang malaman natin kung sino ang taong nagdala sa mama mo sa hospital na iyon. Pasalamat tayo dahil nagkataon na isa sa may posisyon doon ngayon ay dating classmate ko."

"Pare, tingin ko, hindi ko na kailangang magmadali," aniya.

"Kung hindi ka magmamadali, puwes, baka magising ka na lang isang araw na naunahan ka na ni Doña Ramona na makita ang tunay na anak ng taong kumupkop sa iyo. If that happens, mawawala

sa iyo ang lahat. Ang marangya mong buhay at ang kayamanan ng mga Cordova na mamanahin mo. Alalahanin mo, iyon ang tunay na tagapagmana."

"Alam ko kung ano ang puwedeng mangyari kapag nakita ni Lola Ramona ang tunay niyang apo. Kaya nga inuunahan ko siya sa paghahanap, hindi ba? But I guess I don't need to look further."

"What do you mean?"

Sa halip na sumagot, kahit hindi nakikita ni Keith ay muling lumingon sa entrance ng hospital si Stan.

Sa tulong ng nebulizer ay nag-stabilize ang paghinga ni Belinda. Gayunpaman ay hindi nawawala ang labis na pag-aalala rito ni Rio.

"Nahihirapan pa rin po ba kayo, Ma?" tanong niya habang hawak ang kamay ng ina.

"Ayos na 'ko. Nasaan sina Roel?" tanong nitong ang hinahanap ay ang mga empleyado ng barangay hall na dapat sana ay maghahatid sa kanila sa Manila.

"Susunod daw po sila kapag naayos 'yung service. Tatawagan ko po sila mamaya para masabi kung nasaan tayo."

Samantala, humigpit ang grip ni Stan sa hawak na mumurahing cellphone pati na rin sa envelope. Bago siya pumasok muli sa ER ay nakita na niya na

referral ang laman niyon. Galing iyon sa provincial hospital ng Batangas para sa *PGH* sa Manila. At malinaw ang pangalan ng pasyente na nabasa niya roon: Belinda Pineda.

Ayon sa record ng community hospital sa Laguna, iyon din ang pangalan ng taong nag-confine doon sa isang Analiza Mejia twenty-one years ago. Lorenzo Mejia ang full name ng lalaking sinamahan ni Analiza kaya hindi na siya nagtakang iyon ang apelyidong naka-register sa hospital kahit na ang alam niya ay hindi naman nakasal sa nabanggit na lalaki ang ina-inahan niya. Confidential ang hospital records na iyon, pero dahil nga sa koneksyon ni Keith sa isa sa mga doktor doon ay nagawan nila ng paraan para mahalukay iyon.

*Is it really her?* tanong niya sa isip habang nakatingin sa babaeng may-sakit na nakahiga sa hospital bed. Nahihirapan pa rin siyang paniwalaan na makakatagpo niya nang ganoon lang ang taong maaaring nakakaalam kung ano ang nangyari sa tunay na anak ni Analiza.

Hanggang sa malipat ang tingin niya kay Rio na nakaupo sa gilid ng kama. Sa anggulo nito mula sa kinaroroonan niya ay parang nakikita niya ang babaeng sumagip sa kanya sa kalye, kumupkop sa kanya at nagturing sa kanya bilang anak. Iyon ba ang na-sense niya kanina kaya pakiramdam niya ay

pamilyar sa kanya ang aura nito?

Napaatras muli ang binata. Ayon sa mensahe ni Honorio, ang private investigator na inuupahan nila ni Keith para hanapin si Belinda Pineda, nakuha na umano nito ang address ng taong ipinapahanap niya. Kaya bumiyahe siya para makipagkita kay Honorio at nang madala siya nito roon. Masasabing handa siyang makaharap si Belinda at naka-ready rin ang mga itatanong niya rito. Pero wala sa hinagap niya ang posibilidad na makakaharap din niya agad ang mismong anak ng kinilala niyang ina. Kaya ngayon ay hindi niya alam kung ano ang kanyang mararamdaman.

Nabalingan niya muli ang hawak na envelope at cellphone. Mabilis niyang itinupi ang envelope saka ipinasok ang mga iyon sa inside pocket ng kanyang coat. He felt the need to gather himself para makapag-isip kung ano ba ang dapat niyang gawin sa pagkakataong iyon kaya minabuti niya na lumayo muna muli sa ER.

Pero kasabay ng pagkilos niya ay siya namang sungaw ni Rio sa pinto ng emergency room. Hindi sinasadyang nabangga niya ito at sa lakas ng collision nila at bumalandra ito sa frame ng pinto. Dahil sa pagkagulat ay nakapitan nito ang kurtinang ginagamit para maikubli ang mga pasyente sa loob ng kuwarto. Gumiwang ang bakal na stand na

kinasasabitan niyon.

Automatikong kumilos ang lalaki nang makita ang direksyon na babagsakan ng bakal. Iniumang niya ang sariling likod para roon iyon tumama. Pero dahil may kabigatan din iyon ay idinikdik siya niyon sa pader sa mismong ibabaw ng katawan ng babae.

Mabilis na kumilos ang mga hospital staff na nakakita sa pangyayari kaya agad ding naiangat ang bakal. Ramdam ni Stan ang sakit ng paghampas niyon sa likod niya, pero wala roon ang atensyon niya. Sa halip, ang focus niya ay nasa slim na katawan na pinrotektahan niya, sa mabangong amoy ng cologne na nalalanghap niya, sa magagandang mata na nakikipag-ugnayan ngayon sa paningin niya at sa mapula at hugis-pusong mga labi na tila nag-aalok sa kanya ng matamis na halik.

Napalunok siya. Tumatahip ang kanyang dibdib at hindi niya iyon mabalewala. Nang mga sandaling iyon ay hindi lang sa hindi niya naiintindihan ang kanyang nararamdaman. Higit sa lahat, hindi niya iyon nagugustuhan.

"See? It's not there," ani Stan matapos ipasilip kay Rio ang likuran ng kanyang kotse. Agad niyang iwinaksi ang kakaibang naramdaman kani-kanina lang. "Kung nandito 'yung hinahanap mo, nakita

ko na sana."

Napakamot sa ulo ang babae. "Saan kaya napunta 'yung mga 'yon?"

"Hindi mo naman siguro iniisip na pag-iinteresan ko 'yung cellphone mo at 'yung envelope na sinasabi mo," patay-malisyang sabi pa niya.

"Naku! Siyempre hindi ko iniisip 'yon. Mumurahin lang naman 'yung cellphone ko saka luma na. 'Yung envelope, referral lang naman ang laman niyon. Baka naiwan ko'ng mga 'yon sa service na sinakyan namin dahil sa sobrang pagmamadali ko kanina. Masyado kasi akong nataranta."

Palihim na kinapa ni Stan ang cellphone sa bulsa ng kanyang coat kasabay ng bulong na huwag sanang magkakamali na tumunog iyon.

"Hindi ko pa naman kabisado 'yung number ni Roel kaya hindi ko sila matatawagan para masabihan kung nasaan kami," patuloy nito.

"Anyway, how's your mom?" sadyang pag-iiba niya sa usapan bago pa maisip si Rio na manghiram ng cellphone at tawagan ang sariling numero since iniisip nito na nasa nasiraang service iyon.

"Bumuti na'ng paghinga niya dahil sa nebulizer. Ang problema, paano kami tutuloy sa Manila ngayon? Hindi alam n'ung mga dapat ay maghahatid sa amin kung nasaan kami."

"Puwede kayong magpahatid sa ambulance

nitong hospital," suhestyon niya.

"Ang kaso, kahit makarating kami ng Manila baka hindi kami asikasuhin sa *PGH* kung wala 'yung referral." Sandaling napahilamos sa mukha ang dalaga bago muling tumingin sa kanya. "Siyanga po pala, Sir, pasensya na po, ha?"

*Po? Sir?* Gustong mainis ng lalaki. Kasi naman ay kanina pa niya naririnig ang ganoong address sa kanya ni Rio. May mga babae ngang mukhang mas bata pa kaysa rito na nagkakandarapang mapansin niya, pagkatapos ay tila napakatanda na ng tingin nito sa kanya? Twenty-six years old lang kaya siya.

"Pasensya na saan?" tanong niya.

"Hindi ako nakapagpasalamat sa iyo kanina. Mabuti hindi ka umalis agad. Maraming salamat sa pagdadala mo sa amin dito. Pasensya na talaga sa abala."

Naghalukipkip si Stan. Pakiramdam niya ay hindi siya kontento sa pasasalamat nito, as if he wanted something more from her. "I thought you said you're willing to pay me kung tutulungan ko kayo."

Nawala ang ngiti sa mga labi nito. "Uhm... o-opo… ah, magkano po ba ang kailangan kong ibayad sa inyo?"

This time ay hinimas niya ang sariling baba. "What if… hindi pera ang gusto kong kabayaran?

S'abi mo, babayaran mo 'ko ng kahit ano, hindi ba?"

"A-ano po ba'ng gusto n'yo?"

Sa halip na sumagot ay muling tinitigan ni Stan ang babae. Una ay sa maganda nitong mukha, pababa sa mayaman nitong dibdib na nakahantad ang upper part. Hindi nalingid sa kanya nang bahagya itong mapaatras kasabay ng paglunok at pagtutop sa neckline ng blouse nito. Iniisip siguro ni Rio na ang katawan nito ang gusto niyang kabayaran at may katuwiran itong mag-isip ng ganoon. Wala pang gaya nito na lumapit sa kanya ang pinalampas niya. Ikaliligaya niyang dalhin ito sa isang pribadong lugar, ibaon sa malambot na kama at i-claim ang kanyang kabayaran.

It's just that hindi niya iyon puwedeng gawin. Hindi sa babaeng ito dahil isang maling galaw lang niya ay baka ito pa ang mag-claim ng lahat ng mayroon siya.

"Nagbibiro lang ako," aniya matapos lihim na ipilig ang ulo. "Wala akong intention na magpabayad. Ang totoo niyan, puwede kitang… mas matulungan pa."

Gumalaw ang mga kilay ni Rio.

"Actually kasi, may kaibigan akong doctor na nagtatrabaho sa isang hospital sa Manila. Kung hindi mo na makikita 'yung referral n'yo sa *PGH,* puwede kitang i-refer doon. Private 'yon at magagaling ang

mga doctor. Mas magagamot nila ang mama mo doon."

Bahagya itong nagbaba ng tingin. "Mas maganda nga sana 'yon, kaya lang hindi ko kakayanin na ipagamot sa private hospital si Mama. Madaling mauubos 'yung perang dala namin at…." Tinapos nito ang sinasabi sa pagbuntong-hininga.

"Well, puwede pa rin siguro kitang matulungan sa bagay na 'yan." Nagtaas muli ito ng tingin sa kanya. "May alam akong isang… foundation na tumutulong sa mga may problema sa hospitalization. Puwede akong gumawa ng paraan para maipasok natin doon ang mama mo. Para hindi mo na problemahin ang pagpapagamot sa kanya."

Sa halip na sumagot ay nanatiling nakatitig si Rio sa binata. Mayamaya ay napansin ni Stan na bumilis ang paghinga nito saka napapikit.

"I understand kung… hindi ka naniniwala sa sinasabi ko. Hindi nga naman tayo magkakilala at—"

"Naniniwala ako sa sinasabi n'yo, Sir," agaw ng babae na muling nagdilat ng mga mata. "Ang hindi ko lang mapaniwalaan ay… kung gaano kabait sa amin ang Diyos."

Ang mga kilay naman ni Stan ang gumalaw sa pagkakataong iyon.

"Matagal-tagal ko na ring idinadasal na sana may tumulong sa amin ni Mama. May mga pagkakataon

kasing hindi ko na alam kung ano'ng gagawin." Hindi nalingid sa lalaki ang pangingilid ng luha sa sulok ng mga mata nito. "Siguro ikaw 'yung ipinadala ng Diyos bilang sagot sa dasal ko."

Sa sinabing iyon ni Rio ay may kung anong humaplos sa kalooban ng lalaki na hindi niya nagawang ignorahin. Pinabigat niyon ang kanyang dibdib.

Siya? Si Stanley Cordova? Padala ng Diyos bilang sagot sa dasal ng isang tao? Malabo yata iyon, lalo na kung ang nagdadasal ay ang mismong tao na binalak na niyang gawan ng masama hindi pa man niya nakikilala. Nagbibiro ba ang Diyos? O sinusubukan siya? Puwes, magkakasubukan talaga sila.

"So, tatanggapin mo ba 'yung ini-o-offer ko?" tanong niya nang balikan ito ng tingin. "Ako na'ng magdadala sa inyo sa Manila. Mag-iiwan tayo ng message dito para in case na makasunod 'yung mga taong dapat ay magdadala sa inyo sa *PGH*, alam nilang nakatuloy na kayo."

"Talaga po bang… gagawin n'yo 'yon para sa amin?"

Tumango siya. "Oo naman. Gusto ko talagang makatulong sa inyo."

"Kung ipinadala ka nga ng Diyos bilang sagot sa prayers ko, bakit ko 'yun tatanggihan?" Iniabot ni Rio ang kamay para sa handshake. "Maraming

salamat po, Sir. Salamat po talaga."

"It's okay." Tinanggap ni Stan ang kamay nito, kaswal sa simula pero sa paglalapat ng kanilang mga palad ay may kakaiba siyang naramdaman. Higit iyon sa di-maipaliwanag na haplos sa kanyang dibdib na kanina pa niya kinaiinisan. Ang nakalilitong pakiramdam din na iyon ang tila naglagay sa bibig niya ng mga salitang hindi niya inaasahan. "Puwede bang huwag mo na akong tawaging 'Sir'? My name is Stanley. You can call me… 'Stan.'"

# Chapter Three

Hindi na mabilang ni Stan kung ilang ulit nang umiiling si Keith habang nag-uusap sila sa opisina nito sa pinagtatrabahuhang hospital.

"Ano ba'ng plano mo? Bakit dinala mo rito 'yung pasyente na nadampot mo kung saan?" sita nito sa kaibigan.

"You know what my plans are. Hindi ko hahayaan na makita ni Lola Ramona ang tunay na anak ni Mama Analiza."

"But you're not even sure kung tamang tao 'yang dinala mo rito. Common ang name na Belinda Pineda. For sure, maraming may ganoong pangalan dito sa Pilipinas. Paano kung hindi pala iyan 'yung nagdala sa mama mo sa hospital twenty-one years ago? Eh, di nag-aksaya ka ng panahon. You just left

the windows open for your lola para maunahan ka na makita ang tunay niyang apo."

Mula sa pagkakaupo sa harap ng mesa ay tumayo siya. "Hindi mo nakitang buhay si Mama Analiza dahil namatay siya bago pa tayo nagkakilala. Pero nakita mo siya sa pictures. Ikaw ang magsabi kung malabo ba na… 'yung Rio na iyon ang anak niya." Bilang pagsisikap na alalahanin ang hitsura ng kinilalang ina ay pumikit siya. Pero sa halip na imahe ni Analiza ang makita ay ang mukha ni Rio ang nabuo sa kanyang imahinasyon. "Napakalaki ng resemblance nila. Their eyes… the way they smile… their lips… pareho talaga."

"Dude, come on!"

"Malinaw ang lahat, Keith," muling baling niya sa kaibigang doktor. "Hindi ko alam kung ano si Belinda Pineda sa buhay ni Mama noon, pero maliwanag na nasa kanya ang batang ipinanganak ni Mama. Inalagaan niya iyon at pinalaking parang tunay na anak. Kapag nakita ni Lola ang Rio na iyon, siguradong pati siya ay mag-iisip na ang babaeng 'yon ang tunay niyang apo."

"Paano nga kung nagkakamali ka ng palagay?"

"Paano kung tama ako?"

"All right, paano? Itatago mo sila rito sa hospital?"

"May-sakit si Belinda Pineda at sa hospital

talaga ang punta nila para magpagamot. Hindi ko sila puwedeng basta na lang dalhin sa kung saan dahil baka pagdudahan nila 'yon. Kaya dito ko sila dinala. Huwag kang mag-alala dahil ako ang bahala sa magiging expenses nila dito," pagtitiyak niya. Siyempre, alam ni Keith na imbento lang niya ang foundation na ibinida niya kay Rio.

"Pero, bro, hindi taguan ng mga taong gusto mong itago ang hospital na ito."

"Mas maganda kung nandito sila kaysa sa ibang hospital pa," giit ni Stan. "Dito, walang chance na makita sila ni Lola dahil mas mababakuran ko sila. Personal mong hawakan ang kaso ni Belinda Pineda. Gamutin mo siya. Kung gumaling siya o mamatay, by that time, nakuha ko na ang tiwala ni Rio. Madali ko na siyang maipapatapon sa malayong lugar. Doon sa hindi na siya makikita ni Lola kahit na kailan."

Napapabuntong-hiningang napailing ulit si Keith. Bago pa ito muling makapagsalita ay tumunog ang cellphone nito na nasa ibabaw ng mesa. "Si Honorio," anitong saglit na napatingin kay Stan bago tinanggap ang tawag. Sandali lang itong nakipag-usap sa caller.

"Ano'ng sabi?" tanong ng binata nang ibaba nito ang telepono.

"Dahil hindi ka dumating, pinuntahan daw niyang mag-isa 'yung nakuha niyang address ni

Belinda Pineda. Pero naibenta na raw pala ang bahay na nasa address na iyon kamakailan lang."

Napaunat siya sa kinatatayuan.

"According to the new owner, may-sakit daw ang Belinda Pineda na dating may-ari niyon. Kaya ibinenta ng anak 'yung property para may magamit na pera sa pagpapagamot."

Para kay Stan ay higit pa iyon sa kompirmasyon. Iyon ang lubusang pumalis sa pagdududa niya na mismong tadhana nga ang naglagay sa mga kamay niya sa taong posibleng maging dahilan para mawala sa kanya ang tinatamasang buhay.

"Ilang buwan na lang daw ang itatagal ni Mama, s'abi ng doctor sa pinanggalingan naming hospital," ani Rio nang makita ang seryosong mukha ni Keith habang binabasa ang prognosis ng isinagawang tests kay Belinda.

"I'm afraid they are correct," pagkukumpirma nito.

Gumuhit ang pait sa mukha ng dalaga at maging kay Stan na kaharap din nila nang mga sandaling iyon ay hindi iyon nalingid.

"Kaya ko po iniluwas dito ang mama ko kasi gusto kong magbakasakali na magagamot pa siya." May pagmamakaawa sa mga mata na tumingin ito

sa manggagamot. "Please, sabihin n'yo po sa akin na may pag-asa pang gumaling ang mama ko."

Buntong-hininga ang unang isinagot ni Keith. "Ayaw kitang bigyan ng false hope, Miss Pineda. Mas pipiliin kong sabihin sa iyo na… mas makakabuti kung ihahanda mo ang sarili mo ngayon pa lang."

Napatutop sa bibig si Rio kasabay ng pigil na paghikbi. Sa pagkakatitig dito ay nakita ni Stan ang panginginig ng kamay nito.

"Hindi siguro dapat ganyan ang sinasabi mo," aniya sa kaibigan.

"I just want her to be prepared—"

"Dinala ko sila sa iyo dahil alam kong magaling ka," he said, not giving Keith the chance to explain. "Kaya ang gusto kong sabihin mo sa kanya ay gagawin mo ang lahat para gumaling ang mama niya."

Tumayo ang doctor at umalis sa likuran ng mesa. "Hindi ko naman sinasabing wala na talagang pag-asa. May iba pang paraan na puwedeng subukan. Iyon ay kung kakayanin niya."

"Chemotherapy? Sa tingin ko naman kakayanin 'yon ng pasyente."

"Hindi lang 'yon. Chemotherapy can only delay further scarring of her liver. But it cannot heal the already scarred part."

"So, ano 'yung sinasabi mong ibang paraan na

puwedeng subukan?"

"Liver transplant. Pero hindi ganoon kadali iyon."

Umikot ang mga mata ni Stan. "Maraming nagbebenta ng internal organs diyan. Pera lang ang katapat niyan."

"Bro, mahirap makahanap ng living donor para sa ganoong klaseng operasyon. Mahal ang prosesong iyon at kadalasan pa kaanak lang talaga ang puwedeng mag-donate." Binalingan nito si Rio. "Willing ka bang magbigay ng parte ng liver mo para sa mama mo just in case?"

"Opo," mabilis na sagot nito. "Kaya lang baka hindi umubra."

"Bakit hindi?"

Nagtungo ng ulo ang dalaga. "Sabi n'yo kamag-anak lang ang puwede. Ang totoo kasi niyan, hindi niya ako tunay na anak. Pero puwede pa rin naman ninyong malaman kung puwede akong mag-donate ng liver sa kanya, hindi ba? Kahit hindi niya ako totoong anak."

Nagkatinginan ang dalawa sa deklarasyon na iyon ni Rio. Since alam pala nitong hindi ito tunay na anak ni Belinda, hindi naiwasan ni Stan na itanong sa sarili kung may idea kaya ito kung sino ang tunay nitong mga magulang.

"Anak, bakit dito tayo napunta?" tanong ni Belinda kay Rio habang nasa loob sila ng kuwartong ipina-occupy sa kanila sa hospital.

"Hindi n'yo po ba gusto rito? Ang ganda naman po ng kuwarto, di ba? Mag-isa lang kayong pasyente kaya siguradong magiging komportable kayo," sabi niya habang tinutulungan itong maupo.

"Pero siguradong mahal dito. Baka maubusan agad tayo ng pera."

"Wala po tayong gagastusin. Ipinasok po kayo ni Stanley sa foundation na tumutulong sa mga may-sakit." Inabutan niya ng isang basong tubig ang kanyang ina.

"Stanley? Siya 'yung guwapong tumulong sa atin doon sa Batangas at nagdala sa atin dito?"

Napangiti siya. Hindi pa rin pala naaapektuhan ng sakit ang paningin ni Belinda. Marunong pa rin itong tumingin ng guwapo. "Siya nga po. Hindi lang siya guwapo, sobrang bait pa po."

"Para tulungan tayo ng ganito, mukha ngang mabait siya."

"Para po sa akin, siya ang sagot sa mga dasal ko."

"Ganoon agad ang tingin mo sa kanya kahit hindi mo pa siya talagang kilala?"

Tumango ang dalaga. "Hindi ko na po kailangan

na makilala siya nang husto. Nakita ko po sa mga mata niya na mabait talaga siya. Saka s'abi n'yo nga, hindi niya tayo tutulungan kung hindi siya likas na mabait."

"May-asawa na kaya siya?" anito matapos lumagok ng tubig.

"Bakit n'yo naman po naitanong 'yan?"

"Matutuwa kasi ako kung maiiwan kita sa isang gaya niya, o… sa kanya mismo. Sana wala pa siyang pananagutan."

"Mama?" Hindi niya alam kung saan siya napa-react. Kung sa salitang 'iiwan' na sinabi ni Belinda o sa tila pangrereto nito sa kanya kay Stan.

"Sa tingin ko naman bagay kayo. Maganda ka, guwapo siya," patuloy nito.

"Ano po ba 'yang sinasabi n'yo? Kakakilala pa lang natin sa kanya. Isa pa, halatang mayaman po 'yung tao." Pakunwari siyang umismid.

"Mayaman ka rin." Sumeryoso ito. "Kahit kakaunti lang ang alam ko tungkol kay Ate Ana, alam kong galing siya sa mayamang pamilya. Kung nasa poder ka niya, tiyak na lumaki ka ring mayaman."

Bumuntong-hininga siya. "Hayan na naman po kayo, eh."

"Nandito tayo sa Manila. Puwede mo siyang hanapin dito."

"'Ma, nandito tayo para magpagamot, hindi para

maghanap ng… kung sino."

"Anak…"

"'Ma!" Tinabihan ito ni Rio sa kama saka niyakap. Kapag ganoon na ay tumatahimik na lang si Belinda at hindi na nakikipagtalo pa.